# Goma

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Sis Techie "Soar" Rodriguez, Elder-Founder TLF
Marso 20, 2021

Ang goma ay nababanat hanggang sa kanyang limitasyon, hanggang ito'y mapatid. Kung hindi ito ginagamit, natutuyo at nawawala ang pagka-elastik nito. Tulad din natin, binabanat tayo ng Diyos na parang goma para lumago sa ating pananampalataya at para

makamukha ni Cristo (Rom.8:29), ngunit hindi tayo susubukin ng Diyos nang higit sa ating makakaya (1Cor. 10:13).

**Mga dahilan ng pagbabanat:**

**1. Binabanat tayo ng Diyos para lumaki at lumago.**

**1.1** Nagiging *mature* tayo kung tayo'y nababanat. Hindi natin alam kung hanggang saan ang makakaya natin hanggat di tayo nababanat.

**1.2** Binabanat tayo para mapabilis ang ating pag-angat sa kabanalan. Binabanat tayo ng Diyos para matupad ang plano Niya sa atin; hindi Niya tayo babanatin hanggang maputol tayo (Is.42:3).

**1.3** Kitang-kita ang pananampalataya nina Daniel at ang tatlo niyang kaibigan ng napagtagumpayan nila ang pagsubok sa pagkain sa Daniel 1; pagsubok sa umaalab na apoy sa Daniel 3; at pagsubok sa kulungan ng mga leon sa Daniel 6.

**2. Binabanat tayo ng Diyos para magmahal.**

**2.1** Mahalin natin ang ating kapwa tulad ng pagmamahal ng Diyos sa atin.

**2.2** Suklian natin nang maganda ang mga taong nag-alipusta sa atin (1Pt.2:20).

**2.3** "Narinig ninyo ang sinabi, 'Mata sa mata at ngipin sa ngipin.' Ngunit ngayo'y sinasabi ko sa inyo; huwag ninyong labanan ang masamang tao. Kung may sumampal sa iyo sa kanang pisngi, iharap mo pa sa kanya ang kabila. Kung ipagsakdal ka ninuman upang makuha ang iyong baro, ibigay mo sa kanya pati ang iyong balabal" (Mt. 5:38-40).

**2.4** "Idalangin ang mga umuusig sa inyo.Huwag kayong maghiganti; ipaubaya ninyo iyon sa Diyos" (Rom. 12:14-19).

**3. Binabanat ng Diyos ang ating pagkatao.**

**3.1** "Pagkatapos ninyong magtiis ng maikling panahon, ang Diyos na bukal ng pagpapala, ay siyang magbibigay sa inyo ng kaganapan, katatagan, at isang saligang matibay at di matitinag"(1Pt.5:10).

**3.2** Sinagot ng Diyos ang ating panalangin sa Kanyang panahon (Mang. 3:11).

**3.3** Si Job, isang taong matuwid, ay pinahintulutan ng Diyos na masubok nang sunod-sunod (Job 1:8-9; 12-14).

**3.4** "Alam natin na sa lahat ng bagay, ang Diyos ay gumagawang mabuti kasama ang mga nagmamahal sa kanya, ang mga tinawag ayon sa kanyang panukala, sa kanilang ikabubuti." (Rom.8:28).

**4. Binabanat ng Diyos ang ating pananalig.**

**4.1** Nabanat ang pananalig ni Pedro noong naglakad siya sa tubig (Mt. 14:28-32).

- Bakit atubili tayong bumaba sa ating bangka?
- Kumakatawan ang bangka sa ating kaginhawaan.
- Dahil sa ating takot.
- Dahil sa ating pag-aalinlangan.

**4.2** Bakit kailangan nating bumaba sa ating bangka?

- Ang pakikipagsapalaran ay nagdudulot ng tagumpay at kaginhawaan.
- Magiging malalim ang ating pananalig.
- Dahil wala sa bangka si Jesus.

Isipin natin na gaano man kasakit ang pagbanat sa ating pananalig, kasama natin ang Diyos sa ating paglalakbay. Hinahamon Niya tayong "gumawa ng mas malaking tolda, habaan ang tali, at dagdagan ang tulos" (Is 54:2). Umasa tayong may gantimplang naghihintay sa atin pagkatapos ng pagbabanat. "Mga kapatid, hindi ko ipinalalagay na natupad ko na ang mga bagay na ito. Ang ginagawa ko ngayo'y nililimot ang nakaraan at sinisikap na makamtan ang nasa hinaharap" (Fil. 3:13).

**Pagninilay:**

Nabanat na ba ang iyong pananalig? Paano mo ito hinarap?

Ang panahon ng pagbabanat ay hindi kaaya-ayang karanasan, ngunit ito ay bahagi ng plano ng Diyos para tayo ay mabago at maging kawangis Niya. Manalangin,"Baluktutin mo ako, o Panginoon, gaya ng luwad sa kamay ng magpapalayok."

**Isinalin ni:** Sis. Nida A. Cruz
**Na-edit at inaprobahan ni:** Sis. Vera Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
Tags#TiwalasaDiyos; #PagpapaunladEspiritwal ; #pananalig; #KaloobanngDiyos